REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000

*Sama-Sama sa DECS*

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Enero 19, 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 25 s. 2000

## PAMBANSANG TAGISAN NG TALINO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Pampublikong Paaralang Sekondarya

1. Bilang pakikilahok sa pambansang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Filipino at pagpapahalaga sa angking talino ng mga mag-aaral sa wika at panitikang Filipino, ang Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya sa pakikipagtulungan ng Sangay ng Edukasyong Sekondarya, Pambansang Punong Rehiyon ng DECS ay magtataguyod ng Pambansang Tagisan ng Talino sa Wika at Panitikang Filipino sa Agosto 21-23, 2000 sa Regional Education Learning Center (RELC), Lungsod ng Marikina.

2. Pangunahing layon ng patimpalak ang mapahalagahan ang talinong taglay ng mga mag-aaral sa hayskul sekondarya sa wika at panitikang Filipino at madebelop ang kanilang kakayahang makilahok sa isang paligsahan nang buong pagpapahalaga. Kalakip ang mga tuntunin at pamantayan ng tagisan ng talino.

3. Ang tagisan ay magsisilbing pangwakas na gawain ng mga lokal na tagisang idinaos sa iba't ibang paaralan, dibisyon at rehiyon. Sanhi nito, inaasahan ang pagdaraos ng preliminaryong tagisan sa mga paaralan, dibisyon at rehiyon. Ang panrehiyong kampyon ang siyang magiging opisyal na kinatawan ng rehiyon sa pambansang tagisan.

4. Ang panrehiyong kampyon na lalahok sa pambansang patimpalak ay nararapat samahan ng isang panrehiyong tagapagsanay, superbisor ng Filipino sa dibisyong pinagmulan ng kalahok at ng panrehiyong superbisor sa Filipino.

5. Bagamat nakaatang sa balikat ng Pambansang Punong Rehiyon ng DECS ang tungkuling tugunan ang pangangailangan sa mga gantimpala, lugar na titigilan ng mga panrehiyong kinatawan, pagkain at iba pang pangangailangang may kinalaman sa pagsasagawa ng timpalak, ang mga gugulin naman ng mga panrehiyong kinatawan sa pagtungo sa lugar na pagdarausan ng timpalak pabalik sa kani-kanilang lugar, ay manggagaling sa pondong lokal ng kani-kanilang mga paaralan, dibisyon at rehiyon at dapat sumailalim sa kinakailangang patnubayan sa pagsusuma at pag-oowdit.

6. Hinihiling ang madaliang pagpapaabot sa mga kinauukulan ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Kalakip
Gaya ng nasasaad

Sanggunian
W a l a

Pamumudmod 1—(D O 50 97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

CONTESTS
Learning Area, FILIPINO
STUDENTS

## PAMBANSANG TAGISAN NG TAI INO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO

Mga Tuntunın at Pamantayan

1 Ang **Pambans ıng Tagisan ng Talıno sa Wika at Panıtıkang Filipino** na ısa ıagawa sa **Agosto 21-23, 2,000 sa Regional Educatıon Lcarnıng Center (RELC), Lungsod Mai ıkina sa Pambansang Punong Rehıyon ng DECS** ay pangwakas na tımpalak na n ıgsımula sa mga paaralan dıbısyon at rehıyon sa bansa

2 Ang mga kalahok sa Pambansang Tagısan ng Talıno sa Wika at Panıtıkang Filıpıno **ay pawang mga panrehiyong kampyon**

Tatlong gantımpala ang ıpagkakaloob ng Lupon sa Pambansang Tagısan ng Talıno Ito ay ang mga sumusunod

| | |
|---|---|
| Unang Gantımpala | P 10,000 at Tropeyo |
| Ikalawang Gantımpala | P 6,000 at Tropeyo |
| Ikatlong Gantımpala | P 4,000 at Tropeyo |

Ang lahat ng kalahok ay pagkakalooban dın ng tropeyo na magmumula sa Lupon ng Pambansang Tagısan tanda ng pagıging panrehıyong kampyon

Ang mga tagapagsanay ay pagkakalooban dın ng sertıpıko ampu ng kanı kanılang mga superbısor

4 Ang mga katanungan para sa tagısan ay ıhahanda ng kınatawan ng Kawanıhan ng Edukasyong Sekondarya sa pakıkıpagtulungan ng tatlong kasapı ng Lupon ng Inampalan Ang Kawanıhan dın ang sıyang mag aanyaya ng bubuo ng lupon

5 Sa pagbubuo ng mga katanungang gagamıtın sa tagısan ısasaalang alang ang mga sumusunod

a 15 madalıng katanungan na bıbıgyan ng 5 puntos bawat tanong
b 10 mahırap hırap na tanong na bıbıgyan 10 puntos bawat tanong
c 10 mahırap na tanong na bıbıgyan ng 15 puntos bawat tanong

6 Susundın ang mga sumusunod na panuntunan sa proseso ng tagısan

a Ang bawat katanungan ay sasagutın sa loob ng 20 segundo

b Ang kasagutan ng bawat kalahok ay ısusulat sa laang sulatan Ipakıkıta lamang ang sagot matapos magpahayag ang Guro ng Tımpalak

c. Sa pagpapalit ng kasagutan, nararapat ilagay sa loob ng panaklong ang sagot na papalitan kung ayaw na itong burahin.

d. Ang Guro ng Timpalak ang siyang magsasabi ng tamang kasagutan matapos maipakita ng lahat ng kalahok ang kani-kanilang sagot. Ipapahayag din ng Guro ng Timpalak ang mga kalahok na nakakuha ng tamang sagot.

e. Pagkatapos ng bawat kategorya, susumahin ng itinalagang tagasuma ang kabuuang iskor ng bawat kalahok. Ipahahayag ito ng Guro ng Timpalak sa kabatiran ng lahat.

f. Magkakaroon ng sampung (10) minutong pagtigil matapos ang bawat kategorya.

g. Hindi pahihintulutan ang mga tagapagsanay na magsagawa ng paglilinaw. Ang mga kalahok ang nirarapat na magsagawa nito matapos humingi ng pahintulot sa Guro ng Timpalak. Ang Guro ng Timpalak ang siya namang magpapahayag ng paglilinaw sa Lupon ng Inampalan. Ang Lupon ng Inampalan lamang ang may karapatang magpasya sa anumang paglilinaw na inihain.

6. Ang tatlong kalahok na magtatamo ng pinakamatataas na puntos ang siyang pagkakalooban ng mga laang gantimpala.

7. Ang pagpaparangal sa mga nagsipagwagi ay isasagawa sa isang pormal na palatuntunan na ihahanda ng Lupon.

8. Sa anumang paglilinaw tungkol sa mga nakalahad sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

ARTURO S. CABUHAT
Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum
Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya
Punong Tanggapan ng DECS
(632 77 46)

at

GLORIA ALDAY
Panrehiyong Superbisor sa Filipino
Pambansang Punong Rehiyon
(921 56 30)